Mensahe Apat

## Ang Pagbabawi ng Pagtatayo ng Bahay ng Diyos sa pamamagitan ng Dibinong Paghihikayat ng mga Propeta ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Ezra 5:1-2; Hag. 1:2-5, 7-8, 9b, 14; 2:6-7, 9a, 23; Zac. 3:9; 4:2-7, 11-14

**I. Sa muling pagtatayo ng nabawing templo bilang ang bahay ng Diyos, kapwa sina Josue (kumakatawan sa pagkasaserdote) at Zorobabel (kumakatawan sa pagkahari) ay naging tila mahina at nawalan ng loob; samakatuwid, ginamit ng Diyos ang mga propetang Hagai at Zacarias upang magsalita para sa Kanya upang palakasin, alalayan, at hikayatin sina Josue at Zorobabel—Ezra 5:1-2; cf. 1 Cor. 14:3.**

**II. Ang sentrong kaisipan ng propesiya ni Hagai ay yaong ang pagtatayo ng bahay ng Diyos, ang templo ng Diyos, ay may kaugnayan sa kapakanan ng bayan ng Diyos ngayon at sa darating na milenyong kaharian kasama ang Mesiyas sa kapanahunan ng pagpapanauli—Hag. 1:2-5, 7-8, 9b, 14; 2:6-9, 20-23; Mat. 19:28; Gawa 3:20-21:**

A. Sa Lumang Tipan ang bahay ni Jehovah, o ang templo, una ay isang sagisag ni Kristo bilang ang bahay ng Diyos sa pang-indibiduwal, at pagkatapos ay isang sagisag ng ekklesia, ang Katawan, ang pinalaking Kristo, bilang bahay ng Diyos sa pangsama-sama—Juan 2:19-21; 1 Tim. 3:15.

B. Dahil ang bahay ni Jehovah ay isang sagisag ng ekklesia, ang propesiya ni Hagai ay tumutukoy sa atin, ang mga Bagong Tipang mananampalataya, yamang tayo ang realidad ng sagisag.

C. Ang pagsasalita ni Hagai kay Zorobabel ang gobernador at kay Josue ang mataas na saserdote ay upang palakasin at hikayatin sila at ang bayan para sa muling pagtatayo ng templo bilang bahay ng Diyos—Ezra 5:1; Hag. 1:1.

D. Inatupag ng mga makasarili at nagpabaya-sa-Diyos na bumalik na bihag ang kanilang mga bahay subalit hindi ang bahay ni Jehovah (b. 4); ang salitang *tumatakbo* sa bersikulo 9 ay nagpapahiwatig na ang bayan ay abalang inaatupag ang kanilang mga sariling bahay.

E. Ipinapahiwatig ng Hagai 1:6 na kung pababayaan natin ang ekklesia, hindi tayo magkakaroon ng tunay na pagtatamasa at kasiyahan; hinggil sa pagbabawi ng pagtatayo ng bahay ng Diyos, hindi tayo maaaring lumagay sa gitna; dapat tayong maging lubusan, alinman sa aatupagin muna natin ang ating mga bahay o aatupagin muna ang bahay ng Panginoon—Mat. 6:33; Luc. 9:57-62; Fil. 2:20-21.

F. Para sa pagbabawi ng pagtatayo ng bahay ng Diyos, ang mga hinirang ng Diyos ay pinukaw sa kanilang espiritu at dumating at gumawa sa bahay ni Jehovah; sa ating pagtugon sa atas ng Panginoon, tayong lahat ay dapat maokupahan ng Panginoong Hesus sa gawain ng pagpapahayag ng ebanghelyo, pagpapakain ng mga bagong mananampalataya, at pangangalaga sa iba para sa pagtatayo ng bahay ng Panginoon, ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo—Hag. 1:14; 2:7a; Juan 21:15-17.

G. "Uugain Ko ang lahat ng mga bansa, at ang Naisin ng lahat ng mga bansa ay darating"—Hag. 2:7a:

1. Ito ay tumutukoy kay Kristo, na siyang Naisin ng lahat ng mga bansa; bagamat hindi nakikilala ng mga bansa si Kristo, ninanais pa rin nila si Kristo; ang naisin ng mga bansa ang mga bagay na gaya ng liwanag, pag-ibig, kagalakan, at katuwiran, na ang realidad ay si Kristo, ay nangangahulugan na, di-namamalayan, kanilang ninanais si Kristo—Mal. 3:1b.
2. Ang pagdating ni Kristo bilang ang Naisin ng lahat ng mga bansa ay nakasalalay sa pagbabalik ng bayan ng Diyos mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonia at ang pagbabawi ng pagtatayo ng bahay ng Diyos—1 Tim. 3:15; 1 Ped. 2:5.

H. "Pupuspusin Ko ng kaluwalhatian ang bahay na ito…Ang huling kaluwalhatian ng bahay na ito ay mas magiging dakila kaysa sa una"—Hag. 2:7b, 9a:

1. Ang kaluwalhatian ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos, ay nasa pagtatayo ng Diyos, ang bahay ni Jehovah—Exo. 40:34-35; 1 Hari 8:10-11; 2 Cron. 3:1; 5:1-2, 13-14; Efe. 3:21; Apoc. 21:10-11.
2. Sa isang pangitain ng Diyos, nakita ni Ezekiel ang kaluwalhatian ni Jehovah na bumalik sa bahay ni Jehovah at pinuspos ang bahay (Ezek. 43:1-5); ang kaluwalhatian ni Jehovah ay nagbalik sa bahay sapagkat ang pagtatayo ng bahay ay nakumpleto (bb. 2, 5); ito ay nagpapahiwatig na upang manahan ang kaluwalhatian ng Diyos sa ekklesia, ang ekklesia ay dapat maitayo upang maging ang pinananahanang lugar ng Diyos (Efe. 2:21-22; 3:14-21).
3. Nakita ni Ezekiel na ang ilog ng tubig ng buhay na dumadaloy mula sa bahay ng Diyos ay patungong silangan, ang direksyon ng kaluwalhatian ng Diyos (Ezek. 47:1; 43:2); kung hindi natin pangangalagaan ang kaluwalhatian ng Diyos, ang pagdaloy sa loob natin ay malilimitahan.
4. Sa buhay ekklesia ang unang pagsasaalang-alang na dapat nating taglayin ay ang kaluwalhatian ng Panginoon; ang mga desisyon sa buhay ekklesia ay dapat gawin pangunahing ayon sa kaluwalhatian ng Panginoon—Efe. 3:21; 4:20; 1 Ped. 4:10-11; Judas 24-25.
5. Ang pagluluwalhati sa Diyos ay ang layunin ng ating paglilingkod; ang pinakamataas na paglilingkod na maigagawad natin sa Diyos ay ang luwalhatiin natin ang Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay ng buhay ng isang Diyos-tao (Isa. 43:7; Juan 7:16-18; 17:1-4; Roma 9:21, 23; Fil. 1:19-21a; 1 Cor. 6:19-20; 10:31); ito ay upang maihayag natin ang Diyos sa isang sama-sama, naitayong paraan at pumasok sa kaisahan sa dibinong kaluwalhatuan (Juan 17:22-24).

I. Ang paggawa ni Jehovah kay Zorobabel bilang isang pantatak na singsing (Hag. 2:23) ay nagpapahiwatig na itinuring siya ni Jehovah bilang Kanyang kinatawan at na Kanyang inibig at pinagkatiwalaan siya; sa ganitong paraan si Zorobabel ay isang sagisag ni Kristo, at Siya ang Isa na iniibig at pinagkakatiwalaan ng Diyos (Mat. 3:17; 17:5; Juan 3:35; 17:2); bilang gayong persona, si Kristo ay kuwalipikado upang pangalagaan ang pagtatayo ng bahay ng Diyos, ang ekklesia (Mat. 16:18).

**III. Inihahayag ng aklat ng Zacarias na ang pitong ilawan ng patungang ilawan (4:2; Apoc. 4:5) ay ang pitong Espiritu ng Diyos, ang pitong ulit na pinatinding Espiritu (1:4), bilang ang pitong mata ni Jehovah (Zac. 4:10), ang pitong mata ng nagtutubos na Kordero (Apoc. 5:6), at ang pitong mata ng nagtatayong bato (Zac. 3:9) para sa lubos na kahayagan ng Tres-unong Diyos at ang muling pagtatayo ng bahay ng Diyos:**

A. Ang batong itinatag sa harap ni Josue sa Zacarias 3:9 ay sumasagisag kay Kristo bilang ang bato para sa pagtatayo ng Diyos (Aw. 118:22; Mat. 21:42); ang pag-ukit ni Jehovah sa bato ay nagpapahiwatig na nang si Kristo ay namamatay sa krus, Siya ay inukit, pinutol, ng Diyos; ang pag-aalis ni Jehovah ng pagsalansang ng lupain sa loob ng isang araw ay nagpapahiwatig na ang Kristong pinaggawaan ng Diyos ang mag-aalis ng kasalanan ng lupain ng Israel sa loob ng isang araw, ang araw ng Kanyang pagkapako sa krus; sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus, inalis ni Kristo, ang Kordero ng Diyos, ang kasalan ng sanlibutan (1 Ped. 2:24; Juan 1:29):

1. Ang bato, si Jehovah, at ang Kordero ay iisa; si Kristo ang nagtutubos na Kordero at ang nagtatayong bato, at Siya rin si Jehovah; si Kristo ay ang Korderong-bato—ang Kordero para sa pagtutubos at ang bato para sa pagtatayo—Apoc. 5:6; Zac. 3:9.
2. Sa pagtatayo ng Diyos si Kristo ang pundasyong bato upang alalayan ang pagtatayo, ang panulok na bato upang ipagdugtong ang mga Hentil at Hudyong sangkap ng Kanyang Katawan, at ang pang-ibabaw na bato ng biyaya upang pasukdulin ang lahat ng bagay sa pagtatayo ng Diyos—Isa. 28:16; 1 Cor. 3:11; Efe. 2:20; 1 Ped. 2:6; Zac. 4:7.

3. Ang katotohanan na si Kristo, ang Kordero ng Diyos, ay ang nagtatayong bato na may pitong mata ay naghahayag na ang pitong mata ni Kristo ay para sa pagtatayo ng Diyos—Juan 1:29; Zac. 3:9; Apoc. 5:6.
4. Si Kristo ang nagtatayong bato na may pitong mata, ang pitong Espiritu, upang ilalin ang Kanyang sarili tungo sa atin upang transpormahin tayo na maging mga mahalagang materyales para sa pagtatayo ng Diyos; habang tinitingnan tayo ng Panginoon, inilalalin ng Kanyang pitong mata ang Kanyang sarili tungo sa atin—Zac. 3:9; 1 Cor. 3:12a; Apoc. 3:1; 5:6.

B. Para sa pagkukumpleto ng pagtatayo ng Diyos, ang pitong ulit na pinatinding Espiritu ay ang mga mata ni Kristo bilang ang nagtutubos na Kordero at ang nagtatayong bato upang magmasid at magsaliksik sa atin at upang maglalin at magsalin sa atin ng esensya, kayamanan, at kabigatan ni Kristo para sa pagtatayo ng Diyos—Zac. 3:9; 4:7; Apoc. 1:14; 5:6:
1. Ang pitong mata ng Kordero ang naglalalin sa atin ng Kristo bilang ang pambatas na Manunubos, at ang pitong mata ng bato ang naglalalin sa atin ng Kristo bilang ang organikong Tagapagligtas para sa pang-ekonomiyang pagkilos ng Diyos sa lupa sa pamamagitan ng Kanyang pambatas na pagtutubos at sa pamamagitan ng Kanyang organikong pagliligtas para sa gol ng Kanyang pagtatayo—Juan 1:29; Gawa 4:11-12; Roma 5:10.
2. Sa loob natin ay mayroon tayong dalawang ilawan—ang pitong ulit na pinatinding Espiritu ng Diyos sa loob ng ating espiritu (Kaw. 20:27; Apoc. 4:5; 1 Cor. 6:17); upang matransporma, dapat tayong lubusang bukás sa Panginoon sa panalangin upang hayaan ang ilawan ng Panginoon kalakip ang pitong ilawan ng apoy na saliksikin ang lahat ng silid ng ating kaluluwa, nagniningning at nagliliwanag sa ating mga panloob na bahagi upang tustusan ang mga ito ng buhay.
3. Ang nakakaranas ng pinakamalaking transpormasyon ay yaong lubusang bukás sa Panginoon; sa pamamagitan ng paggawa ng pitong ulit na pinatinding Espiritu sa loob ng mga mananampalatayang naghahanap kay Kristo, sila ay pinatitindi upang maging mga mandaraig upang itayo ang Katawan ni Kristo, na mapapasukdol sa Bagong Herusalem.

C. Sa Kanyang pagkabuhay na muli si Kristo, bilang ang huling Adam, ay naging ang Espiritung nagbibigay buhay (15:45b; Juan 6:63a; 2 Cor. 3:6b), na siya ring ang pitong ulit na pinatinding Espiritu; ang Espiritung ito ay ang Espiritu ng buhay (Roma 8:2); kaya, ang pangsyon ng pitong Espiritu ay ang ilalin ang dibinong buhay tungo sa bayan ng Diyos para sa pagtatayo ng walang hanggang pinananahanan ng Diyos, ang Bagong Herusalem.

D. Ang pitong ulit na pinatinding Espiritu ay ang pitong ilawan ng apoy upang sunugin, liwanagan, ihantad, hatulan, dalisayin, at pinuhin tayo upang ibunga mga gintong patungang ilawan para sa pagsasakatuparan ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—Apoc. 4:5; 1:2, 4, 9-12, 20.

E. Ang dalawang puno ng olibo sa dalawang tabi ng patungang ilawan ay sumasagisag kina Josue ang mataas na saserdote at Zorobabel ang gobernador sa panahong iyon, na dalawang anak ng langis, napunuan ng Espiritu ni Jehovah para sa muling pagtatayo ng templo ng Diyos—Zac. 4:1-6, 11-14:
1. Ang dalawang anak ng langis ay sumasagisag din sa dalawang saksi, sina Moses at Elias, sa huling tatlo't kalahating taon ng kasalukuyang kapanahunan, na magiging mga saksi ng Diyos sa matinding kapighatian para sa pagpapalakas ng mga bayan ng Diyos—ang mga Israelita at ang mga mananampalataya kay Kristo—Apoc. 11:3-12; 12:17.
2. Sa prinsipyo, ang lahat ng mga mananampalataya kay Kristo ay dapat maging mga anak ng sariwang langis, yaong mga punó ng sariwa, kasalukuyan, at napasukdol na Espiritu bilang ang langis ng kagalakan upang magpadaloy ng Espiritu tungo sa patungang ilawan para sa nagniningning na patotoo nito, ang patotoo ni Hesus—1:12, 20; Aw. 45:7; 46:4; 92:10; Juan 7:38:
   a. Ang ekklesia bilang ang patungang ilawan ay ang solidong pagkakatawan ng Tres-unong Diyos kalakip ang pitong ulit na pinatinding Espiritu bilang ang langis ng Diyos sa Kanyang dibinong kalikasan.

b. Ang langis mismo ay ginto (Zac. 4:12), na nangangahulugang ang ginto ay dumadaloy bilang langis; kapag mas maraming langis ang naidaragdag sa patungang ilawan, nangangahulugan ito na mas maraming ginto ang nadaragdag.
c. Araw-araw kailangan nating magbayad ng halaga upang magtamo ng maraming ginto, mas maraming Diyos sa Kanyang dibinong kalikasan, upang tayo ay maging isang dalisay na patungang ilawan para sa pagtatayo ng gintong Bagong Herusalem—2 Ped. 1:4; Apoc. 3:18; 1:20; 21:18; Mat. 25:8-9.
d. Habang inaaplay ang ganitong bagay sa ating karanasan ngayon, makikita natin na ang Espiritung dumadaloy mula sa atin ay ang Diyos, at ang Diyos ay ginto; kaya, kapag inihahain natin si Kristo sa iba, tinutustusan sila ng langis, tayo sa katunayan ay nagtutustos sa kanila ng Diyos; ang Diyos ay dumadaloy mula sa atin tungo sa kanila—Zac. 4:12-14; Juan 7:37-39; 2 Cor. 3:3, 6, 8.
e. Dapat tayong lahat na maging mga puno ng olibo, binabasyo ang Diyos mula sa atin tungo sa iba; sa ganitong paraan ang langis ay maibibigay sa mga nangangailangan niyaong mga puno ng olibo kung kanino ang Diyos ay dumadaloy—Roma 11:17; Luc. 10:34; cf. Juan 7:37-39.

*© 2022 Living Stream Ministry*